

Ang Naratibo at Diskurso ng Overseas Filipino Workers sa Kontemporaryong Pelikulang Pilipino /

The Narrative and Discourse of Overseas Filipino Workers in Contemporary Filipino Films

Juanito N. Anot Jr.
Far Eastern University, Pilipinas
yuananot@gmail.com

Gamit ang semyolohiya ni Roland Barthes, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang naratibo at diskurso sa mga piling pelikulang tungkol sa Overseas Filipino Workers na pinrodyus at nagsilbing distributor ang Star Cinema, Viva Films, at GMA Picture Films mula 2016 hanggang 2019. Batay sa pag-aaral, may pagkakatulad ang naratibo ng mga pelikula sa paglalahad ng mga kuwento ng Overseas Filipino Workers. Samantala, binigyang-kahulugan din ng mananaliksik ang mga nangingibabaw na mito sa mga pelikula.

Mga Susing Salita: Overseas Filipino Workers, kontemporaryong pelikula, semyolohiya, Roland Barthes

Using the concept of semiology by Roland Barthes, this paper aims to analyze the narrative and discourse in the selected films about the Overseas Filipino Workers that were produced and distributed by Star Cinema, Viva Films, and GMA Picture Films from 2016 to 2019. Based on the study, there are similarities in the narratives of the films representing the stories of the Overseas Filipino Workers. On the other hand, the researcher also depicts the myths that are dominant in the selected films.

Keywords: Overseas Filipino Workers, contemporary films, semiology, Roland Barthes

Introduksiyon

Sa nakalipas na dekada, nagpatuloy ang pagbuo ng mga pelikulang Pilipinong nagtampok sa buhay ng Overseas Filipino Workers. Kasabay ng maraming Pilipinong umaalis ng bansa ay nagpatuloy din ang pagpapalabas ng mga pelikulang tungkol sa mga OFW na tinatangkilik ng mas maraming Pilipino. Pinatunayan ito ng pelikulang *Hello, Love, Goodbye* (Cathy Garcia-Molina, 2019) na pinagbidahan nina Kathryn Bernardo at Alden Richards nang maging highest-grossing film ito sa bansa. (Severo)

Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority nang 2019 tinatayang 2.2 milyon ang bilang ng Overseas Filipino Workers at 96.8 na bahagdan mula dito ay Overseas Contract Workers o mga Pilipinong may aktibong kontrata sa ibang bansa. Sa laki ng bilang ng mga umaalis ng bansa ay malaki rin ang naitutulong nito sa ating ekonomiya mula sa mga remittance na nakukuha mula sa mga OFW. Subalit hindi lamang dito nagtatapos ang kontribusyon ng OFW sapagkat bahagi rin sila bilang target market para sa produkto at konsumerismo sa larangan ng midya sa pamamagitan ng pagtatampok ng kanilang mga kuwento at karanasan sa porma ng pelikula. Sa katunayan, nakaabot na rin sa iba't ibang panig ng mundo ang mga pelikulang ipinalalabas sa ating bansa. Ang *Hello, Love, Goodbye* ay naging highest grossing Filipino film din sa iba't ibang panig ng mundo gaya ng Middle East, Australia, New Zealand, at United Kingdom. (Famador)

Mula sa bansang matindi ang kultura ng fanatismo, tiyak na kikita sa takilya ang mga pelikulang pinagbibidahan ng mga sikat na artista at paglalangkap ng mga kuwento ng mga OFW sa pamamagitan ng kanilang sakripisyo at paghihirap sa ibang bansa na kadalasang umiikot sa kuwento ng pag-ibig. Dagdag pa ryan ang pagtatanghal ng dayuhang espasyo na pinupuntahan ng mga karakter sa pelikula. Gaya ng mga kontemporaryong pelikula na naging proyekto ni Olivia M. Lamasan na *Barcelona: A Love Untold* na pinagbidahan ng sikat na love team na sina Kathryn Bernardo at Daniel Padilla na kumita sa takilya noong 2016. Kung tutuusin ang ganitong pormula ng pelikula ni Lamasan ay hindi na bago sapagkat siya rin ang direktor ng mga pelikulang *Milan* (2004) at *Maalaala Mo Kaya: The Movie* (1994) na parehong tumalakay sa buhay ng mga OFW sa mga bansang Milan at Japan.

At dahil malaki ang tungkulin ng midya sa pang-araw-araw nating buhay, mahalagang maunawaan ang kultural na kaligiran ng mga pelikulang itinatampok ang mga OFW. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon tayo ng aktibong pag-unawa kung paano nabubuo ang imahen o representasyon ng mga karakter na ipinakikita sa mga pelikula. Ang mga pelikulang mainstream bilang bahagi ng kulturang popular ay mahalagang mahimay sapagkat espasyo ito ng komersiyo at kapital sa pagitan ng tagapagtangkilik at gahum na naghahain ng ideolohiya.

Kaugnay nito, pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang naratibo at diskursong nakapaloob sa mga piling pelikulang pinrodyus at nagsilbing distributor ang Star Cinema, Viva Films, at GMA Picture Films na tumatalakay sa mga OFW mula 2016 hanggang 2019. Samantala, sasandalan ng pag-aaral na ito ang semyolohiya ni Roland Barthes upang magbigyang-kahulugan ang mga nakapaloob na mito sa mga piling pelikulang ginamit sa pag-aaral.

Maikling Tala ng Kasaysayan ng Overseas Filipino Workers

Ayon sa World Migration Report 2020, pangsiyam ang Pilipinas sa 20 nangungunang bansa na pinagmulan ng mga internasyonal na migrante sa buong mundo batay sa datos ng UN DESA noong 2019. Samantala, pinangunahan ito ng India at sinundan naman ng Mexico at China (International Organization of Migration 26).

Kaugnay nito, binago ng globalisasyon ang internasyonal na ugnayan at pamumuhay ng mundo na nagdulot ng positibo at negatibong epekto sa bansa. At sa nakalipas na mga dekada, malaki ang naging kontribusyon ng mga OFW sa ekonomiya gayundin sa paghubog ng ating lipunan sa kasalukuyan. Positibo mang maituturing ang remittance na bunga ng pag-e-eksport ng lakas-paggawa sa ibang bansa ay hindi naman maikukubli ang pagiging vulnerable ng mga OFW sa pang-aabuso, eksploytasyon, karahasan, sexual harassment, at diskriminasyon sa ibang bansa.

Kung babalikan ang naging ugat ng penomenong ito, maaaring gamiting batayan ang pag-aaral ni Galileo Zafra tungkol sa kasaysayan ng migrasyon ng mga Pilipino na nagsimula bago pa man sakupin ng Espanya ang Pilipinas. Ginamit niyang batayan ang pag-aaral ni Carlos Quirino tungkol sa bininyagang alipin ni Magellan na maituturing na kauna-unahang

migranteng manggagawang Pilipino—si Enrique. Si Enrique ay isang Cebuano na natagpuan ni Magellan sa pamilihan ng Malacca. Napakinabangan niya ito bilang isang interpreter nang makarating sila sa isla ng Limasawa bago pa man sila maglakbay sa Cebu at salakayin ang Mactan na pinamumunuan ni Lapu-Lapu. Samantala, nang masawi sa labanan si Magellan ay humalili naman si Duarte Barbosa na kinasangkapan din si Enrique upang magsilbing tulay kay Humabon na hingin ang mamahaling bato na ipinangakong ibibigay sa hari ng Espanya. Subalit napagtanto ni Enrique na hindi magiging maganda ang kaniyang kapalaran sa Espanya kaya kasama si Humabon ay binalak nila ang isang pakana upang lupigin ang mga Kastila (Zafra 192 sipi mula kay Qurino 14-15).

Nang sakupin naman ng mga Amerikano ang Pilipinas noong 1898, naging madali ang paglalakbay ng mga Pilipino patungo sa Amerika nang simulan ang malawakang rekrutment ng mga manggagawang Pilipino para sa mga plantasyon ng tubo at pinya sa Hawaii nang pigilan ng Japan ang migrasyon ng mga Hapon patungong Estados Unidos na nag-ugat upang matigil ang cheap labor mula Japan. Samantala, noong dekada 1920, kinuha ng mga magsasaka sa California ang mga Pilipino at noong dekada 1930 naman ay mayroong 45,208 migranteng Pilipino ang itinala sa census subalit tinatayang may 30,000 hanggang 100,000 Pilipino ang nasa Estados Unidos. Ang mabilis na paglawak ng industriya noong kalagitnaan ng siglo 19 ang sanhi ng mahigpit na pangangailangan sa manggagawa ng Estados Unidos. Samantala, mula 1880 hanggang 1930, may 25 milyong migranteng manggagawa ang tumulong upang maisulong ang industriyalisasyon ng Estados Unidos (Zafra 192-193 sipi kay Dinnerstein 217-219).

Pagkaraan naman ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nirekrut ng mga Amerikano ang libo-libong Pilipino na ipinadala sa Guam, Okinawa, Wake Islands, Korea, at Vietnam bilang pangangailangan sa lakas-paggawa ng Estados Unidos para sa kontruksiyon at rehabilitasyon ng mga estasyong militar sa iba't ibang bahagi ng mundo (Zafra 193 sipi kay Batara 14). Kung noong mga unang dekada ay sektor ng agrikultura ang mga manggagawang nagpunta sa Estados Unidos, mga nars at doktor naman o skilled professional ang umalis na tinaguriang “brain drain” na yugto ng migrasyon dahil maraming Pilipinong may mataas na antas ng pinag-aralan, kasanayan, at kaalaman ang nagtrabaho sa ibang bansa (Zafra 193 sipi kay Dinnerstein 258-259).

Para naman kay E. San Juan Jr., “There was no real Filipino diaspora before the Marcos dictatorship in the seventies and eighties. It was only after the utter devastation of the Philippines in World War II, and the worsening of economic and political conditions in the neocolonial setup from the late sixties to the present, that Filipinos began to leave in droves. During the Marcos martial law regime, the functionality of Overseas Contract Workers was constructed and/or discovered by the elite and its hegemonic patrons as a response to both local and global conditions. From the Aquino to the Estrada regime, OCW productivity serves to keep the rotten system afloat. Overseas Filipino Workers is now a category of citizens in the Philippines and in so-called “receiving” societies like Japan, Taiwan, Hong Kong, Middle Eastern kingdoms, and assorted European states-including Yugoslavia” (260).

Samantala, sa panahon ng panunungkulan ng dating Pangulong Ferdinand Marcos naging pormal ang pagkakaroon ng mga programa para sa mga manggagawang nagtatrabaho sa ibang bansa sa pamamagitan ng Presidential Decree 442 o 1974 Labor Code. Ayon kay Gonzales, “The main essence of the 1974 Labor Code was to promote overseas contract work and reap whatever economic benefits could be gained from the outflow, especially in terms of foreign exchange and employment. It called for the establishment of the necessary administrative institutions (e.g. Overseas Employment Development Board and National Seaman Board) and operational guidelines for recruitment, placement, licensing, fees, as well as foreign exchange remittances, dispute resolution, registration and recommendation. However, just like its predecessor, the 1974 Labor Code was never really developed to anticipate (more so address) the complicated and large-scale social problems that would surface with the significant growth of overseas contract migration” (119).

Kaugnay nito, ang terminong Overseas Filipino Workers (OFW), na kilala bilang Overseas Contract Worker (OCW) noong panunungkulan ni Ferdinand Marcos, ay opisyal na ginamit ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) nang isabatas ang Republic Act No. 8042 o Migrant Workers and Overseas Filipino Act of 1995 sa panahon ni Fidel Ramos. Sa panunungkulan naman ni Corazon Aquino nagsimula ang pagtawag sa mga OFW bilang “bayani” na ginamit niya sa kaniyang talumpati

noong 1988 para sa mga domestic helper sa Hong Kong at naging “bagong bayani” naman sa sumunod na administrasyon. Bukod dito, sa pamamahala rin ni Aquino nagkaroon ng kalayaan sa pamamahayag alinsunod sa Seksiyon 4, Artikulo III ng Konstitusyong 1987 na naging sanhi upang mabuo ang representasyon ng mga OFW sa midya.

Samantala, sa artikulong “Overseas Filipino Workers (OFWs) as Heroes: Discursive Origins of the “Bagong Bayani” in the Era of the Labor Export,” tinalakay ni Franco ang ilan sa mga naging bunga ng pagkakaroon ng kalayaan ng pagbabalita sa midya sa panahon ni Corazon Aquino. Ayon kay Franco, “Parallel to this development, the news media began covering reports of OFWs and their plight abroad. News of illegal recruitment, the harsh treatment of OFWs particularly women, as well as cases of criminalities reportedly perpetrated by Filipino migrant workers became headline and front page material. In particular, the *Philippine Daily Inquirer* brought considerable amount of attention to OFWs in their news reports from 1987 to 1988, a year before Aquino’s bagong bayani speech” (70).

Tinalakay rin ni Franco sa kaniyang pag-aaral na bukod sa mga pahayagan ay nagkaroon din ng programang panradyo na tumatalakay sa isyu at suliranin ng mga OFW gaya ng *To Saudi With Love* ni Rey Langit (71). Naging popular ito noong ’90s dahil sa konsepto nitong libreng tawag sa telepono ng mga tagapakinig sa kanilang mga kamag-anak sa abroad, kapalit ng pahintulot na i-ere ito ng live. Karamihan sa mga pumipila sa DZRH ay mahihirap at nagtitiyagang maging bahagi ng programa dahil mahal ang bayad ng long distance call noong panahong iyon. Ayon kay Rey Langit, “The program is both a commitment and moral obligation to give good advice and help the poor with their problems. They come to us pleading and telling us that we are their only hope” (Guerrero).

Sanhi ng malayang pagtalakay ng midya tungkol sa kalagayan ng mga OFW sa panahon ni Corazon Aquino, nagbunga ito upang maging popular ang mga temang tumatalakay sa mga Pilipinong nasa abroad na nagkaroon ng kontribusyon sa hugis ng representasyon ng mga migrante sa midya sa kasalukuyan.

Ang Overseas Filipino Workers sa mga Pelikulang Pilipino

Sa panahon ng rehimeng Marcos na nagsimula ang konsepto ng OFW ay nagkaroon ng pelikulang tumalakay sa kalagayan ng mga Pilipino sa ibang bansa. Ito ay ang *Merika* ni Gil Portes na pinagbidahan nina Nora Aunor at Bembol Roco. Umikot ang pelikula sa buhay ni Mila (Aunor) bilang isang nars sa Amerika at kung paano niya nilabanan ang kalungkutan at homesickness sa ibang bansa. Samantala, tinalakay rin dito ang mga ilegal na Pilipino na gagawin ang lahat para makakuha ng green card.

Kaugnay nito, sa librong *Constestable Nation-Space* ni Rolando Tolentino, inilahad niya ang mahahalagang tagpo sa kontemporaryong pelikulang Pilipino at pagusbong ng mga pelikulang indie noong 1999 hanggang 2011. Bahagi ng librong ito ang pagtalakay sa ugat ng OCW sa mga pelikula. Ayon kay Tolentino, “Star Cinema, the largest film studio, invented the OCW film, or melodramatic and romance films dealing with the lives of the overseas contract worker (OCW). In such films as *Milan* (Olivia Lamasan, 2004), *Anak* (Child) (Rory Quintos, 2005), *Dubai* (Quintos, 2005), and *Love Me Again* (Quintos, 2008), among others, the film narrative shifts from melodrama to romance and tourist travelogue, thereby solidifying the conquest of the OCW as stock character and as desirable professional choice, mimicking the narrative drive of a nation reliant on OCW remittances (9).

Ang mga pelikulang *Dubai* at *Milan* naman ang ginamit ni Festin sa kaniyang pag-aaral upang suriin ang naratibo ng paglikas ng mga OFW sa pelikula. Inilahad niya na ang mga pelikulang ito ay nagpapakita ng buhay na gustong ilarawan ng globalisasyon para sa mga Pilipinong umaalis ng bansa upang maging bahagi ng murang lakas-paggawa sa mga bansang nangangapital. Bukod dito, ipinaliwanag pa ni Festin na hindi lantarang sinabi sa mga pelikula subalit itinatampok ding maaari ring magbuhay-turista ang mga Pilipino sa ibang bansa habang nagtatrabaho para sa pamilya. Samantala, itinatago naman ng diyologo ang mga nangyayari sa mga OFW at binabanggit lamang ang paghihirap upang bigyang-diin ang magagandang pangyayari. At ang mapapait na kuwento ay ginagawang sintamis ng pagsasakripisyo para sa pamilya at bayan upang engganyuhing mangibang-bansa ang mga Pilipino para sa mas malaking kitang kailanman ay hindi kayang maibigay ng pamahalaan (84).

Sa pag-aaral naman ni Tolentino na pinamagatang “Globalizing National Domesticity Female Work and Representation in Contemporary Women’s Films,” minapa niya ang konteksto ng labor export sa Pilipinas at sinuri niya ang pagiging globalisado ng trabahong domestic worker na naglalagay sa overseas Filipina domestic workers bilang sentral na pigura sa pambansang pag-unlad ng Pilipinas. Tinalakay rin niya ang mga pelikulang nagtatampok sa mga OCW at ang representasyon ng babae sa mga pelikulang likha ng mga babeng direktor na sina Rory Quintos, Olivia Lamasan, at Joyce Bernal at kung paanong ang kanilang mga pelikula ay nagbibigay ng kultural na imahinasyon sa mga manonood na nagsisilbing tulay para sa nasyonal na proyektong pag-unlad. Batay sa naging kongklusyon ng pag-aaral ni Tolentino, isinaad niya na, “The Philippine state’s export of global domesticity—using Filipina bodies—is complicit with the business drive of large media corporations, and their incorporation of women filmmakers in the outlandish projects of configuring the OCW figure in the filmic imagination of ongoing and aspiring OCW audiences worldwide” (440).

Kaugnay pa rin ng pagiging sentro ng mga karakter na kababaihan sa mga pelikulang tumatalakay sa buhay ng mga OFW ay nagsilbing oportunidad naman ito para sa ilang filmmakers na gamiting kasangkapan ito upang kumita at ilantad ang paghihirap at panganib

na kinakaharap ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa. Ganito ang naging paliwanag ni Alice B. Guillermo sa kaniyang artikulong “The Filipina OCW in Extremis”: “These “real life” experiences of contract workers abroad have recently been the subject of many Filipino films. Thus, films have been made on Flor Contemplacion, Delia Maga, Maricris Sioson, and Sarah Balabagan whose personal crises and legal struggles were documented by the newspapers. Readers from all social classes and sectors follow the development of their cases with interest and anxiety. As soon as their cases reached a conclusion, film producers did not hesitate to seize the opportunity to make money from these stories that aroused wide spread sympathy and indignation. Their motive, one may presume, at least among the serious of them, was not only to make economic profit from them, but also to expose, through the cinematic medium, the plight of overseas workers (106).

Kaugnay ng pelikulang *The Flor Contemplacion Story* na idinerehe ni Joel Lamangan noong 1995 sa produksiyon ng Viva Films, nagsilbi itong sumbat sa rehimeng Ramos na nag-atubiling kumilos na tulungan si Flor na nahatulan ng kamatayan sa Singapore sa salang pagpatay sa isa ring domestic helper na si Delia Maga at sa batang alaga nito. Ayon kay Lumbea, “Walang isinagawang hakbang ang rehimeng Ramos upang pigilan o mag-atas ng pagkakaltas sa pelikula

Talahanayan 1: Mga Pelikulang Mainstream na Tumalakay sa Overseas Filipino Workers (2016 – 2019)

Taon	Pamagat	Prodyuser at/o Distributor	Mga Artista	Direktor
2019	<i>Hello, Love, Goodbye</i>	Star Cinema	Kathryn Bernardo at Alden Richards	Cathy Garcia-Molina
2018	<i>Sid & Aya: Not a Love Story</i>	Viva Films at N ² Productions	Anne Curtis at Dingdong Dantes	Irene Villamor
2018	<i>Never Not Love You</i>	Viva Films at Project 8 Corner San Joaquin Projects	Nadine Lustre at James Reid	Antoinette Jadaone
2018	<i>The Maid in London</i>	Viva Films	Andi Eigenmann, Matt Evans, at Polo Ravales	Danilo Ugali


ni Lamangan. Nalagay ang pamahalaan sa gipit na sitwasyon dahil nagkaroon ng aktwal na mobilisasyon ng mga mamamayan upang itulak ang gobyerno na kumilos, gayong ang pagkilos na hinihingi ay may panganib na magbunsod ng paglabas ng bansa ng mga empresang taga-Singapore. At sa kagipitang iyon, nalantad ang kahungkagan ng mga papuri sa OCW bilang bayani at ang pangingibabaw ng interes pangkalakalan sa pangangalaga ng mga OCW at kanilang pamilya. Nabigyang-diin ng paglalarawan ni Lamangan na ang pagkakamit ng ginhawa at kaluwagan ng naghihirap na sambayanan ay hindi maiaasa sa pamahalaan kundi sa sariling kusa at pagkilos ng mga mamamayan” (396-397).

Sa patuloy na pagbuo ng pelikulang mainstream na nagtatampok sa mga OFW, patunay lamang na higit pa sa pagsasanaratibo ng mga karanasan ng mga OFW sa midya ang hatid nito, sa halip ay nagsisilbing bahagi rin ito ng paghulma ng pambansang representasyon ng mga OFW sa mga pelikula. Tulad ng katagang “bagong bayani,” ang mga pelikulang tumatalakay sa mga OFW ay retorika lamang ng katotohanan sa likod ng tunay karanasan ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa. Hindi rin ito sapat upang maipaabot sa mas maraming manonood ang diskursong nakapaloob sa mga naratibo ng mga kasalukuyang pelikulang mainstream.

Listahan ng mga Pelikulang Tumalakay sa Overseas Filipino Workers

Sa bahaging ito inilahad ang paraan ng pagpili ng mga pelikulang nagkaroon ng pagtalakay sa Overseas Filipino Workers. Pinili sa pag-aaral ang mga pelikulang mainstream na pinrodyus at nagsilbing distributor ang Star Cinema, Viva Films at GMA Picture Films mula taong 2016 – 2019. Samantala, pinanood din ng mananaliksik ang mga pelikulang ginamit ang ibang bansa bilang tagpuan upang masipat kung nagkaroon ng pagtalakay sa mga OFW. Batay sa pag-aanalisa at pananaliksik makikita sa tsart ang listahan ng mga pelikulang ginamit sa pag-aaral.

Ang mga pelikulang ito ay nagkaroon ng pagtalakay sa pakikipagsapalaran ng mga Pilipino sa ibang bansa bilang OFW. Ang *Hello, Love, Goodbye* ay ginanap sa Hong Kong samantalang ang *Sid & Aya* naman ay nagkaroon ng eksena sa Japan. Ang pelikulang *Never Not Love You* naman at *The Maid in London* ay parehong nagkaroon ng eksena sa London. Barcelona naman ang ginamit na tagpuan ng pelikulang *Barcelona: A Love Untold* samantalang sa Italy naman ginanap ang *Imagine You and Me*. Sa limang pelikula, ang *Sid & Aya* at *Never Not Love You* ang hindi nagkaroon ng direktang pagtalakay tungkol sa mga OFW subalit nagkaroon ng mga tagpo at eksena na pumapatungkol sa pagtatrabaho sa ibang bansa na naging dahilan upang isama sa listahan ng pagsusuri.



Ang Signipikasyon ng Mito ni Barthes

Samantala, pinanood din ng mananaliksik ang mga pelikulang *Alone/Together* (2019), *Between Maybes* (2019), *First Love* (2018), *The Hows of Us* (2018), *Northern Lights: A Journey to Love* (2017), *My Ex and Whys* (2017) ng Star Cinema at *Just a Stranger* (2019), *The Day After Valentines* (2018), *Meet Me in St. Gallen* (2018), *Kita Kita* (2017) ng Viva Films, subalit sa pagsusuri, hindi ito nagkaroon ng pagtalakay sa buhay ng mga OFW bagamat nagkaroon ito ng eksena sa ibang bansa.

Mula sa anim na pelikulang ito, tinukoy ang naratibong nangibabaw sa bawat eksena at sinuri rin ang diskursong nakapaloob dito sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga mitong pumaibabaw sa mga pelikula at kung paano nito sinasalamang ang tunay na katayuan at kalagayan ng mga OFW sa globalisadong mundo.

Ang Mito ni Barthes bilang Teoretikal na Batayan ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito ay gagamitin ang semyolohiya ni Roland Barthes na nakapaloob sa kaniyang librong *Mythologies* na nalimbag noong 1957. Ito ay naglalaman ng serye ng sanaysay na tungkol sa kaniyang regular na repleskiyon sa ilang mito ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pranses. Bahagi rin nito ang metodo ng semyolohiya na kaniyang ginamit sa pagsusuri sa nakapaloob na diskurso ng mga halimbawang kulturang popular gaya ng palabas sa mundo ng wrestling, burgis na estado ng mga laruan sa Pranses, pagkain, sabong panlaba, potograpiya, at gayundin ang utak ni Einstein. Nakita niya ito bilang elemento ng mass culture na nagtataglay ng ideolohiya.

Kaugnay nito, ganito ang naging paliwanag ni Barker mula sa kaniyang librong *The Sage Dictionary of Cultural Studies* sa mahalagang kontribusyon ni Roland Barthes sa Cultural Studies: "His work was instrumental in assisting cultural thinkers to break with the notion of the text as a carrier of transparent meaning. In particular, he brought the methods of semiotics to bear on a wide range of cultural phenomena to illuminate the argument that all texts are constructed with signs in social contexts. Central to Barthes's work is the role of signs in generating meaning and framing the way texts are read. Thus he explored the way that the naturalization of connotative meanings enables that which is cultural to appear as pre-given universal truths, which he called myths" (12).

Mula sa konsepto ng system of sign ni Ferdinand de Saussure ay nakabuo ng panibagong antas ng sign si Barthes na tinawag niyang mito. Para kay Barthes, ang mito ay pangalawang ayos ng sistemang semyolohikal (second order semiological system). Ang sign sa unang ayos (signifier at signified) ay lumilikha ng denotatibong kahulugan na nagiging signifier muli sa ikalawang ayos na lumilikha ng konotatibong mitolohikal na kahulugan.

Sa pigurang ito, makikita ang dalawang ayos ng sistemang semyolohikal ni Barthes. Una ay ang linguistic system na tinawag niyang language-object, sa sistemang ito ang signifier at signified ay nasa karaniwang relasyon o ang paraan ng representasyon ng kahulugan ay tanggap at ganap.

Samantala, mula sa language-object, lumilikha ito ng sarili nitong signipikasyon o mito na tinawag naman niyang metalanguage dahil ito ay ang second language na tumutukoy sa una. Ang signifier sa sistemang mito (myth system) ang huling bahagi ng linguistic system na tinawag ni Barthes na kahulugan (meaning). Samantala, sa mismong lebel ng sistemang mito (mythical system), ang signifier naman ay tinawag niyang porma (form). Ang mito ay nabubuo sa pamamagitan ng relasyon sa pagitan ng porma (form), konsepto (concept), at signipikasyon (signification).

Sa librong *Cultural Studies Theory in Practice*, binigyang-paliwanag pa rin ni Barker ang argumento ni Barthes tungkol sa dalawang sistema ng signipikasyon na denotasyon at konotasyon. Ganito ang kaniyang naging paliwanag, "Denotation is the descriptive and literal level of meaning shared by virtually all members of a culture. Thus, 'pig' denotes the concept of a usual pink farm animal with a snout and curly tail, etc. Connotation involves meaning that are generated by connecting signifiers to wider cultural concerns. Here, meaning involves the association of signs with other cultural codes of meaning. Thus, 'pig' may connote nasty police officer or male chauvinist according to the sub-codes or lexicons at work" (92).

Mapapansin na nagkaroon ng dalawang denotatibong kahulugan ang konsepto ng baboy bilang hayop na naugnay sa marahas na pulis at superyor na pagtingin ng mga lalaki sa kanilang seksuwalidad. Nangangahulugang ang isang sign ay maaaring magkaroon ng maraming kahulugan. Kung tutuusin, normal naman ang ganitong pagsasakonteksto ng mga kahulugan. Tinatanggap ito bilang natural at konseptuwal na mapa ng kahulugan ng lipunan. Ito

ang mito para kay Barthes. Naiiba ito sa ibang uri ng signifiers sapagkat hindi ito arbitraryo. Bukod dito, wala ring itinatago ang mito sa halip ay binabago nito ang anyo o nagpapakita ng distorsiyon ng partikular na sign upang makapaghatid ng partikular na kahulugan. Tinutukoy ni Barthes ang naturalisasyon (naturalization) ng konsepto na itinuturing niyang mahalagang gamit ng mito. Kaya ang mito ay nararanasan bilang walang malay na salita o imahen hindi dahil nakatago ang layon nito sa halip ay nabuo ang naturalisasyon nito.

“In fact, what allows the reader to consume myth innocently is that he does not see it as a semiological system but as an inductive one. Where there is only an equivalence, he sees a kind of causal process: the signifier and the signified have, in his eyes, a natural relationship. This confusion can be expressed otherwise: any semiological system is a system of values; now the myth-consumer takes the signification for a system of facts: myth is read as a factual system, whereas it is but a semiological system” (Barthes 130).

Ito ang katangian ng mito, inaagaw nito ang wika (language-robbery) upang baguhin ang kahulugan nito sa isang anyo. At sa naturalisasyon nito ay nag-aalis ng kasaysayan mula sa wika. Ang mito rin ay isang depoliticized speech. Inaalis rin ng mito ang politikal na impluwensiya nito. Kung kay Marx, ang mga bagay ay ideolohikal, para kay Barthes, ang mito ay karaniwang may layon at politikal. Sa mga tagapagtangkil ng mito, inaalis nito ang tungkulin ng mambabasa sa pagbuo ng kahulugan sa halip ay tinatanggap na lang ito gaya ng pasibong pagtanggap sa imahen o representasyon sa iba’t ibang porma ng midya sa halip na magkaroon ng aktibong pagsusuri sa diskurso nito. Ang kultura at literatura ay puno rin ng mito o burgis na karakter kaya ang mambabasa o batid ang mitolohiya ay mulat sa kung anong representasyong hatid nito.

Samantala, tinukoy naman ni Barthes ang pitong retorikal na estratehiya ng pagpapalaganap ng mito sa kulturang popular. Una ay ang inokulasyon (innoculation) o pagtanggap sa maliliit na kasamaan sa isang institusyon upang mapagtakpan ang mas malaking suliranin o mga pundamental na suliranin. Pangalawa ay pagsasapribado ng kasaysayan (privatization of history) o pagpapakita na ang isang penomena ay karaniwang pag-iral lamang. Inaalis o binubura nito ang kasaysayan. Pangatlo ay ang identipikasyon o pagtatanghal ng mga burgis ng kanilang ideolohiya

na kaparis nila. Pang-apat ay tautolohiya (tautology) o ang konsepto ng mga burgis sa pagbibigay ng parehong konsepto. Gaya ng sinabi ni Barthes na “drama is drama” na isang estratehiya upang hindi na tayo masyadong mag-isip. Panglima ay neither-norism o ang dalawang konsepto ay nagbibigay pakahulugan sa bawat isa at ang dalawang konseptong ito ay itinuturing na parehong hindi konsistent. Halimbawa, ang pagiging neutral o pagtatangkang pagtagpuin ang ideolohiya o paniniwala ng kanan sa kaliwa na kadalasang nauuwi sa hindi pagpili ng kung anuman sa dalawa. Pang-anim ay kuwantipikasyon ng kalidad (the quantification of quality) o pagsukat ng mito ng realidad sa pamamagitan ng bilang at hindi realidad. Sa pamamagitan ng pagbabawas ng kalidad sa kantidad, nagagawang makatipid ng mito ng karunungan. At ang pampito ay statement of fact o hindi pagbibigay paliwanag sa realidad gaya ng proverbs sa bibliya na kadalasang simple at kongkreto ang nilalaman (Barthes 151-156).

Batay sa konseptong ito ni Barthes, tutukuyin ang mga mitong nakapaloob sa piling pelikulang gagamitin sa pag-aaral at kung ano ang nakapaloob na diskurso rito.

Ang Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Kontemporanyong Pelikulang Pilipino

Sa bahaging ito inilalahad ang naratibo ng Overseas Filipino Workers sa mga pelikulang ginamit sa pag-aaral. Inilagay ang mahahalagang tagpo na nagsilbing batayan sa pagsusuri ng mga nakapaloob na mito sa mga pelikula.

Hello, Love, Goodbye (2019)

Nagtrabaho si Joy sa Hong Kong bilang domestic helper bagamat nagtapos ng kursong nursing sa Pilipinas. Tinanggap niya ito upang suportahan ang kaniyang pamilya upang makaipon ng pera patungo sa Canada. Mabuti ang naging pakikitungo ng amo ni Joy subalit ninais nitong i-terminate ang kaniyang kontrata dahil sa lumalaki nitong gastos. Nakiusap si Joy na huwag itong ituloy sapagkat patapos na rin naman ang kaniyang kontrata at sa halip ay nakipagkasundo siya na pasuwelduhin na lamang ng kalahati. Bukod dito, nakiusap din siyang payagan na magtrabaho sa gabi. Pumayag ang kaniyang amo subalit pinaalalahanan na ilegal ang kaniyang plano. Nangako naman si Joy na hindi niya bibigyan ng sakit ng ulo ang amo.

Sa bansang ito, nakilala rin niya si Ethan na naging katuwang niya sa mga problemang naranasan niya sa Hong Kong. Sa kabilang dako, nasa Hong Kong din ang ina ni Joy na si Lita na dati ring nagtrabaho bilang domestic helper. Madalas na dinadalaw ni Joy ang kaniyang ina na naninirahan kasama ang dati nitong among si Wayne. Nang isugod si Lita sa ospital dahil sa pananakit ni Wayne ay agad na nagtungo si Joy upang kumustahin ang kaniyang ina at dito niya natuklasan ang katotohanan sa likod ng pagpunta ng kaniyang ina sa Hong Kong. Inamin ni Lita kay Joy na ang kaniyang ama ang nagtulak sa kaniya na pakasalan ang amo nitong Tsino na si Wayne upang maging immigrant at makuha ang kanilang pamilya sa Hong Kong. Subalit hindi ito nangyari sapagkat tuluyan nang napalayo ang loob ni Lita sa tunay na asawa kaya sa kabila ng pananakit ni Wayne ay ninais pa rin niya itong makasama sapagkat ang pagmamahal nito sa kaniyang tunay na asawa ay napalitan na ng galit. Paliwanag naman ng ama ni Joy na nagawa lamang niya ito dahil siya ay baldado at wala nang kakayahang magtrabaho. Hindi man naayos ang pamilya ni Joy na pangunahing dahilan kung bakit siya nagsisikap sa Hong Kong ay natupad naman ang pangarap niyang makapunta sa Canada. Samantala, iniwan naman niya ang kaniyang kasintahang si Ethan at nangakong muling magkikita.

Sid & Aya: Not a Love Story (2018)

Bago umalis ng bansa si Aya ay pinasok niya ang iba't ibang uri ng trabaho gaya ng pagiging barista, tagabantay ng laundry shop at performer sa isang amusement park upang masustentuhan ang kaniyang mga kapatid at amang maysakit. Sa Pilipinas, nakilala niya si Sid na isang stockbroker na may suliranin sa pagtulong. Naging malapit ang dalawa dahil binabayaran ni Sid si Aya para kausapin siya tuwing gabi. Nahulog ang loob ni Aya kay Sid subalit hindi naman naging sigurado si Sid sa kaniyang nararamdaman sapagkat siya ay mayroong kasintahan. Samantala, ginamit naman ni Aya ang kaniyang naipong pera upang makakuha ng tourist visa para sundan ang kaniyang ina sa Japan. Nagtrabaho si Aya bilang entertainer sa club na pinagtrabahuhan din ng kaniyang ina. Parehong TNT at walang legal na kontrata ang magina at nakatira sa bahay ni Wataru na kinakasama ng ina ni Aya. Sa kabilang dako, natuklasan ni Aya na mayroong ding ibang kinakasama si Wataru na tanggap naman ng kaniyang ina sa halip na umuwi sa Pilipinas at mabuhay nang walang kasiguruhan. Ninais ni Aya

na mabuo ang pamilya subalit hindi ito natupad dahil sa personal na desisyon ng kaniyang ina kahit mahal pa rin nito ang tunay na asawa sa Pilipinas. Samantala, nagkitang muli si Sid at Aya sa Japan at doon nagtapat ng pag-ibig si Sid kay Aya. Nagkaroon ng usapan ang dalawa na muling magtatagpo sa isang bahagi ng Japan ngunit di sinipot ni Aya si Sid at piniling manatili sa Japan. Sa huli, bumalik naman si Aya sa Pilipinas at muli silang nagkita ni Sid.

Never Not Love You (2018)

Si Gio ay isang freelancer na graphic designer at tattoo artist samantalang si Joanne naman ay nagtatrabaho sa Makati bilang marketing associate bago magtungo sa London. Ang pangunahing dahilan kung bakit umalis sa bansa ang magkasintahan ay dahil sa suliranin sa pamilya ni Gio sapagkat hindi na siya kayang sustentuhan ng kaniyang ama dahil sa lumalaki nitong pamilya. Bukod dito, mas matatag at malaki ang kita niya sa kompanyang papasukan kompara sa trabaho sa Pilipinas. Samantala, ang kasintahan naman nitong si Joanne ay sumama sa ibang bansa upang suportahan si Gio sa kabila nang walang kasiguruhan sa trabaho sa London. Tinalikuran ni Joanne ang promosyon sa Pilipinas at namasukan bilang café assistant sa ibang bansa dahil hindi siya matanggap sa mga trabahong inaplayan niya. Naranasan niya sa London ang diskriminasyon na lubhang ikinalungkot niya na nauwi upang magdesisyon siyang bumalik sa Pilipinas. Nanatili si Gio sa London samantalang umuwi naman si Joanne sa Pilipinas. Sa kaniyang pananatili sa bansa ay naging matagumpay ang kaniyang karera at unti-unting natupad ang kaniyang mga pangarap. Nagkaroon siya ng magandang posisyon sa trabaho, nakabili ng sasakyan at gumanda ang buhay na lubhang ikinatuwa ng kaniyang pamilya. Sa kabila nito ay nakaranas din ng pagsubok ang magkasintahan dahil sa kanilang long distance relationship. Sa huli ay nagdesisyong bumalik si Gio sa Pilipinas para makasama niyang muli si Joanne sa kabila ng tagumpay na kaniyang tinamasa sa London.

The Maid in London (2018)

Si Margo ay nagtatrabaho sa palengke upang buhayin ang kaniyang pamilya. Sa Pilipinas, hinarap niya ang iba't ibang problema gaya ng pagkakakulong ng kaniyang asawa na si Ben sa salang pagpatay, anak na nagkasakit at gayundin ng labis na kahirapan sa buhay. Upang makaahon sa buhay, nagtungo siya

sa London para maghanap ng trabaho. Subalit bago niya ito maisakatuparan ay kinailangan niya ng malaking pera kaya humingi siya ng tulong sa dati niyang manliligaw na si Jayson. Agad naman siyang tinulungan ni Jayson subalit ito ay nauwi sa pagtataksil sa kanilang mga asawa. Sa London, namasukan si Margo bilang chaimbermaid sa isang maliit na hotel. May pagkakataon ding nagtatrabaho siya ng part time para maglinis ng mga bahay. Tourist visa ang papel na hawak ni Margo kaya doble-ingat siya sa kaniyang ilegal na trabaho. Sa ibang bansa naranasan niyang makipagtaguan sa mga immigration officer upang hindi siya ma-deport pabalik sa Pilipinas. Dagdag pa sa naging pagsubok ni Margo sa ibang bansa ay nang mabalitaan niya ang pagkamatay ng kaniyang ama sa Pilipinas na labis niyang ikinalungkot. Bukod dito, nalaman din niya na hindi siya tunay na anak ng kaniyang ama sa halip ay bunga siya ng panggagahasa ng isang dayuhan sa kaniyang ina. Sa kabila ng mga pangyayaring ito, nagbago naman ang kapalaran ni Margo nang makilala niya ang kaniyang tunay na ama sa London. Doon ay pinamanahan siya ng malaking salapi at nagbago ang kanilang buhay. Muli siyang bumalik sa Pilipinas at nakasama ang kaniyang pamilya. Nakalaya na rin ang kaniyang asawa, binayaran si Jayson sa inutang nitong pera at nagkaroon ng sariling bahay at negosyo sa Cavite.

Barcelona: A Love Untold (2016)

Si Mia ay nagtatrabaho bilang OFW sa Barcelona upang patunayan sa kaniyang pamilya na kaya niyang tumayo sa sariling niyang paa matapos masangkot sa pandaraya sa isang pagsusulit. Si Ely naman ay nag-aral ng masterado sa Barcelona kasabay ng pagtatrabaho upang tulungan ang kaniyang ama at kapatid sa Pilipinas. Sa lugar din na ito nakilala niya si Mia na hawig ng dati niyang kasintahan na si Celine. Nahirapan si Mia na makahanap ng trabaho sa Barcelona dahil sa recession subalit dahil sa tulong ni Ely ay nagkaroon siya ng trabaho bilang housekeeper sa Barcelona. Sa bansang ito naranasan niyang lunukin ang kaniyang pride gaya ng ilang Pilipino na bagamat tapos ng magandang kurso sa Pilipinas ay hindi rin nakuha ang gusto nilang trabaho sa ibang bansa. Samantala, hindi naman mapatawad ni Ely ang kaniyang ina nang iwan sila nito upang ipagpalit sa Kastilang asawa subalit sa tulong ni Mia ay nagawa rin niya itong mapatawad. Sa huli, naging mabuti ang relasyon nina Ely at Mia na nauwi sa pag-iibigan.

Imagine You and Me (2016)

Nagtungo si Gara sa Italya bilang Overseas Filipino Worker upang suportahan ang kaniyang pamilya. Nagtatrabaho siya bilang tagapag-alaga ng aso sa among si Clarissa at household helper naman kay Terry sa ibang bansa. Umikot ang kuwento sa pagtatagpo nina Andrew at Gara sa Italya at ang ugnayan ng mga karakter sa isa't isa. Si Terry ay ang stepmother ni Andrew na naging dahilan upang makilala ni Gara ang binata. Samantala, si Clarissa o Isay naman ang dating kasintahan ni Andrew na nakipaghiwalay sa kaniya na labis na ikinalungkot ni Andrew. Dahil kay Gara, nagkaroon ng pagkakataong muling magtagpo sina Andrew at Isay at mapag-usapan ang dahilan ng kanilang paghihiwalay. Sa kanilang pag-uusap, nalaman ni Andrew na may sakit na kanser si Gara kaya kinailangan niyang makipaghiwalay upang hindi na masaktan pa si Andrew. Sa kabilang dako, natagpuan naman ni Gara ang kaniyang pag-ibig sa Italya sa katauhan ni Andrew at nagtapos ang eksena sa Verona. Lugar na pangarap ni Gara na mahalikan ng kaniyang magiging kasintahan.

Estruktura ng Kuwento sa mga Pelikula

Batay sa mga naratibong inilahad, may pagkakapareho ang estruktura ng kuwento ng anim na pelikula. Kahirapan at pamilya ang dahilan ng mga karakter sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Samantala, domestic helper naman ang karaniwang trabaho nila at pumasok din sila sa iba't ibang ilegal na trabaho upang madagdagan ang kanilang kita upang mas makatulong sa kanilang pamilya. Litaw rin na mga babae ang mga karakter na naging OFW sa mga pelikula. Samantala, ang mga asawa o kapareha naman ay naiiwan sa Pilipinas. Tinalakay rin ang iba't ibang isyu sa pamilya, sarili at karera ng mga karakter. Gaya ng pagkakawatak ng pamilya, pagkakaroon ng kalaguyo, ilegal na trabaho at mga personal na suliranin ng mga karakter. Samantala, mga bansang matatagpuan sa Asya at Europa ang ginamit na tagpuan at halos happy ending naman ang inilahad na naratibo sa mga pelikula.

Kaugnay nito, sa susunod na bahagi ng papel na ito ay ilalahad naman ang pagsusuri ng mga pelikula sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga mito at pagbibigay-diskurso sa mga ito para mailantad ang kontradiksiyon na nakapaloob sa mga naratibo ng OFW sa mga pelikula.

Ang Diskurso ng Overseas Filipino Workers sa Kontemporaryong Pelikulang Pilipino

Ang mga pelikulang sinuri na nabibilang sa mainstream cinema ay higit pa sa pagbibigay ng kasiyahan sa mga manonood sapagkat ito rin ay naglalaman ng mga representasyon. Mula sa naratibo ng mga OFW sa pelikula, mahalagang maipaliwanag din ang mga nakakubling ideolohiya sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga nakapaloob na mito. Batay sa ginawang pagsusuri, natukoy ang anim na mitong nangingibabaw sa pelikula na nais bigyang diskurso ng mananaliksik gamit ang semyolohiya ni Barthes. Ito ay ang domestic helper, ilegal na trabaho, pagtatampok ng magandang lugar sa abroad, kabit, at mabuting amo. Samantala, tutukuyin din sa bahaging ito ang mga retorikal na estratehiya ng pagpapalaganap ng mito sa kulturang popular ni Barthes.

Domestic Helper

Sa mga pelikulang sinuri, nangingibabaw na domestic helper ang karaniwang trabaho ng mga karakter na OFW bagamat mapapansing iba't ibang katawagan ang ginamit sa mga palabas. Sa pelikulang *Hello, Love, Goodbye*, si Joy ay nagtrabaho sa Hong Kong bilang domestic helper na gaya din ng kanyang ina. Sa pelikulang *The Maid in London* naman ay chaimbermaid ang naging trabaho ni Margo sa London. Samantala, sa pelikulang *Barcelona: A Love Untold* naman ay nagsilbing housekeeper si Mia. Household helper naman ang trabaho ni Gara sa pelikulang *Imagine You and Me*. Magkakaiba man ang tawag, sa konteksto ng mga Pilipino, katumbas pa rin ng mga salitang ito ang “katulong.” Malinaw na ang paulit-ulit na paggamit ng trabahong katulong sa pamamagitan ng iba't ibang katawagan ay nagpapakita ng tautolohiya bilang retorikal na estratehiya sa pagpapalaganap ng mito. Samantala, hindi man domestic helper ang trabaho nina Joan (café assistant) at Aya (entertainer) sa ibang bansa ay litaw rin sa mga pelikula ang uri ng trabaho na maaaring makuha ng mga OFW sa ibang bansa.

Kaugnay nito, binubura din nito ang kasaysayan sa mga tunay na kalagayan ng mga domestic helper sa ibang bansa. Ayon sa Migrante International, ang konseptong kalakal-tao ay matagal nang napatunayang mali sa kasaysayan sapagkat isa itong konseptong piyudal na itinuturing ang tao bilang “chattel” na

gaya ng baka o baboy. Inilalako ang mga Pilipino sa mga dayuhang bansang kapitalista na parang mga “beast of burden” na walang pagkakaiba sa kalabaw o ordinaryong produkto.

Sa kabila ng mga suliraning kinaharap ng mga domestic helper sa ibang bansa ay matatandaan ang proyektong supermaids sa panahon ni Arroyo na pinatingkad sa pamamagitan ng paggamit ng Supermaid (Home Manager) Course na pinangunahan ng TESDA. Proyektong naglalayong turuan ang mga nais maging domestic helper na mapahusay ang kanilang kakayahan bilang katulong. Isa itong hindi hayagang pangmamaliit sa kakahayan ng mga Pilipinong nais na maging OFW na malaki ang pakinabang ng estado. Dagdag pa rito ang hindi hayagang pagsasabi na ang pangunahing dahilan ng proyektong ito ay para sa mga OFW na napauwi sa bansa dahil sa digmaan sa Lebanon.

Kaugnay nito, ang representasyon ng midya sa domestic helper bilang karaniwang trabaho ng mga OFW sa ibang bansa ay nakapag-aambag din sa tagumpay ng mga kapitalistang transnasyonal na samantalain ang mga institusyong global at nasyonal para sa kanilang sariling interes. Ang karakter na si Joy na namasukang domestic helper sa Hong Kong ay hindi nabigyan ng pagkakataon na makapagtrabaho bilang nars dahil sa itinakda ng global na pamantayan. Malinaw na biktima si Joy ng cheap labor sa bansang Hong Kong sa kabila ng pagkakaroon ng diploma.

Malaki ang papel ng estado gayundin ng midya sa pagbuo ng pambansang representasyon ng mga OFW sapagkat sila ang may kontrol at may kakayahang magtakda ng mga batas at polisiya gayundin ng mga ideolohiya sa panahon ng globalisasyon. Ang patuloy na paggamit ng domestic helper sa mga kontemporaryong pelikula ay manipestasyon ng patuloy na pagsandal ng estado sa ganitong uri ng trabaho bilang alternatibo sa kakulangan ng trabaho at pagkakaroon ng marangal na kita sa bansa at lalong higit sa pag-asa sa remittance na nagmumula sa mga OFW.

Ilegal na Trabaho

Mapapansin din sa mga pelikulang sinuri ang pagpasok ng mga karakter na OFW sa mga ilegal na trabaho sa ibang bansa. Si Joy ay hindi lamang namasukan bilang domestic helper, sa halip ay nagtrabaho din sa isang restawran na muntik niyang ikapahamak. Ipinakita ang tagpong

mabilis na tumakbong papalayo si Joy sa kaniyang pinagtatrabahuhan nang makita niya ang mga pulis na nagsasagawa ng random check. Nakaiwas man si Joy ay hindi pa rin ito natinag at nagpatuloy pa rin sa ilegal na trabaho.

Ganito rin ang naging kapalaran ni Aya nang makarating siya sa Japan. Namasukan siya bilang entertainer sa isang club. Ibinahagi ni Aya kay Sid sa isang tagpo sa pelikula ang dahilan ng kaniyang pagtatrabaho bilang Japayuki sa Japan. Sinabi niya na bukod sa simple lamang ang trabaho niya ay mahirap ding kumuha ng working permit sa Japan.

Samantala, si Margo naman ay namasukan sa London bilang chambermaid at malinaw ding inilahad sa pelikula na ilegal ang kaniyang pinapasukan. Sa katunayan, nagkaroon din ng tagpo sa pelikula ng random check sa kaniyang trabaho na muntik na rin niyang ikapahamak. Sa kabilang dako, hindi naman nakatakas ang kaniyang kaibigan sapagkat ito ay nahuli ng mga kinauukulan na naging sanhi upang ma-deport siya sa Pilipinas.

Kung tutuusin dehado ang mga Pilipino sa ibang bansa kapag nahuli sa ilegal na trabaho at ma-deport sa Pilipinas. Ayon kay Constable, “domestic workers, on the other hand, might willingly take on work that is not permitted under the conditions of their visas and contracts. Even if they enjoy the work and the extra wages, however, they are still exploited. They are paid less than locals who do the same work and their employers profit most. Domestic workers, moreover, risk unemployment, fines, imprisonment, and deportation, whereas their employers usually risk little or nothing” (130).

Sa kabila ng panganib na hatid ng mga OFW sa pagkakaroon ng ilegal na trabaho ay nangibabaw pa rin sa mga pelikula na mistulang normal lamang ang ganitong uri ng trabaho sa ibang bansa. Ang paulit-ulit na pagpapakita ng ganitong naratibo sa pelikula ay pagtatakip sa katotohanan na hindi rin kasiguruhan ang pagkakaroon ng sapat na kita at trabaho ng mga OFW sa ibang bansa kaya pumapayag sila sa ganoong uri ng kalakaran. Bukod dito, pinagtataktan din nito ang katotohanan sa uri ng pamumuhay sa ating bansa kaya napipilitan ang ilang Pilipino na makipagsapalaran sa ibang bansa. Sa katunayan, sa Hong Kong, HK\$4,630 ang Minimum Allowable Wage (MAW) ng mga foreign domestic helper na halos 29,000 na piso ang katumbas sa Pilipinas. Mas hamak na mas malaki pa sa sahod ng mga guro o nars sa bansa kaya

maraming Pilipino ang nakikipagsapalaran bilang domestic helper sa ibang bansa sa kabila ng mataas na pinag-aralan sapagkat higit na kikita sila sa ibang bansa.

Gayunman, sa Pilipinas o sa ibang bansa man magtrabaho ang mga Pilipino bilang katulong o helper ay maituturing na kapuwa bahagi pa rin sila ng global na kapitalismo. Mas malaki man ang kita sa ibang bansa ay nagkakatalo naman ito sa cost of living o uri ng pamumuhay na mayroon sa abroad. Maihahanay pa rin ang trato sa kanila bilang bahagi ng murang lakas-paggawa, dagdag pa rito ang ilang polisiya ng estado na lalong nagpapahirap sa mga OFW. Tulad ng pagsasabatas ng Republic Act 11223 o kilala rin sa tawag na Universal Health Care Act of 2019 sa panahon ng administrasyong Duterte. Bahagi nito ang pagtataas ng bayad ng premium ng Philhealth na mariing tinutulan ng mga OFW sapagkat dagdag pasanin para sa kanila ang batas na ito. At dahil sa kolektibong protesta at panawagan ng mga OFW ay pansamantalang sinuspinde ng pamahalaan ang paniningil sa mga migrante bilang konsiderasyon sa epekto ng pandemyang COVID-19 sa mga Pilipinong nawalan na trabaho sa ibang bansa. Subalit ang suspensiyong ito ay wala pa ring katiyakan sa mga susunod na panahon na mas lalong magpapahirap sa mga OFW. Samantala, mas naging maugong ang isyu sa Philhealth nang pumutok ang 15 bilyong piso na alegasyon ng pagnanakaw ng mga opisyal nito. Sa paulit-ulit na pangyayari at iregulasyong ito at pagtatakip ng malalaking isyu sa bansa, malinaw na tautolohiya at pagsasapribado ng kasaysayan ang ginamit na estratehiya sa mitong ito.

Magagandang Tanawin sa Abroad

Bahagi na ng pormula ng pelikula ang pagtatanghal sa magagandang tanawin sa ibang bansa. Sa pelikulang *Barcelona: A Love Untold*, ibinida ang ganda at tikas ng simbahang Sagrada Familia ng Espanya sa una at huling bahagi ng pelikula. Samantala sa pelikulang *Imagine You and Me* naman ay naging saksi ang Verona sa pag-iibigan nina Gara at Andrew na mistulang Romeo and Juliet ng Pilipinas. Naging bahagi naman ang sikat na Shibuya Crossing ng Japan na nilakaran ng mga karakter na sina Sid at Aya. At ipinakita naman sa *Hello, Love, Goodbye*, *The Maid in London*, at *Never Not Love You* ang pagiging progresibo at ganda ng mga bansang Hong Kong at UK na ginamit bilang tagpuan sa pelikula.

Sa mga pelikulang sinuri, naging bahagi nito ang mga tagpong ipinakikita ang magagandang tanawin sa ibang bansa. Ang ganitong konsepto ay nagbibigay ng impresyon na sa kabila ng sakripisyo ng mga OFW ay magaganda naman ang tanawin na maaari nilang pasyalan at marating. Sa pelikula, ang pagpapakita ng magagandang lugar ay bahagi ng visual requirements na maaaring makita bilang “indefinite image,” na ang imahen ay impersonal, mechanical reproduction, o bilang “mental image” sa aktuwal na porma na ang ideya ay lumilitaw sa kamalayan ng mga manonood (Pugsley 18 sipi kay Mitry 29). Gaya ng danas ng panonood ng mga kontemporaryong pelikulang ginamit sa pag-aaral, indefinite image ito sapagkat limitado lamang ang pagpapakita ng magagandang tanawin sa telebisyon at mental image naman ito sapagkat ang mga lugar at tagpo na ipinakikita sa mga pelikula ay hindi totoo at nangyayari sa kasalukuyan. Pangunahing dahilan ng pag-uugnay ng mga konseptong ito sa mito ng magagandang tanawin ay dahil hindi nito naipakikita ang tunay na danas ng mga OFW at sa halip ay bumubuo ito ng imaheng true, good, and beautiful na tulad ng sensura ng mga pelikula sa panahon ni Marcos. Gaya ng sa pelikulang *Imagine You and Me*, umikot lamang ito sa personal na suliranin ng mga karakter partikular sa pag-ibig subalit naging salat sa pagpapakita ng mga karaniwang suliranin ng mga OFW sa ibang bansa. Madalas ang pagpapakita ng magagandang tanawin sa Italya sa pamamagitan ng magandang anggulo ng kamera na mistulang nanghahalina na magtungo sa ibang bansa.

Samantala, kapansin-pansin din sa mga pelikula ang paggamit ng Ingles sa pamagat. Litaw rin ang paggamit ng salitang “love” sa mga pamagat ng pelikulang *Hello, Love, Goodbye*, *Sid & Aya: Not a Love Story*, *Never Not Love You*, at *Barcelona: A Love Untold*. Ang paulit-ulit na paggamit ng magagandang lugar sa ibang bansa bilang bahagi ng pormula sa mga pelikulang tungkol sa OFW at gayundin ng paggamit ng mga Ingles sa mga pamagat at pare-parehong nakasentro sa kuwento ng pag-ibig ay malinaw na tautolohiya. Samantala, maituturing din itong inokulasyon sapagkat bumubuo ito ng impresyon na maganda at masaya ang buhay sa ibang bansa subalit kontradiksiyon kung tutuusin ang ganitong naratibo sapagkat itinatago nito ang tunay na kalagayan ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa at mga mga sosyo-politikal at kultural na isyu na kinakaharap nito. Pinagtatakpan din ng magagandang tanawin sa pelikula ang kamalayan ng mga manonood

sa mga pagkukulang ng estado sa mga migrante at gayundin sa mga hindi lantad na pang-aabuso sa mga OFW tulad ng patuloy na pagsusulong sa pagpapadala ng lakas-paggawa sa ibang bansa, pangagatas sa mga OFW bago makaalis ng bansa gaya ng bayad sa Pre-departure Orientation Seminar (PDOS), red ribbon ng mga dokumento, bayad sa mga recruitment agency, at iba pa. Ngunit sa kabila nito ay hindi pa rin napoprotektahan ng estado ang kaparatan ng mga OFW sa ibang bansa.

Kabit

Mula sa mga pelikulang sinuri, lima sa mga ito ang nagkaroon ng eksena tungkol sa isyu ng kabit o pangangaliwa. Sa pelikulang *Sid & Aya: Not a Love Story*, si Wataru ang kinakasama ng ina ni Aya sa Japan. Sa tagpong namamasyal si Aya at ang kaniyang ina ay hindi inaasahang nakita nila si Wataru na may kasamang ibang babae. Agad na umiwas ang ina at dali-daling umalis sa kinaroroonan ni Wataru. Ipinaliwanag ng ina ni Aya na tanggap niya ang ganitong sitwasyon sa halip na umuwi sa Pilipinas at mabuhay nang walang kasiguruhan.

Ganito rin ang eksena sa pelikulang *Hello, Love Goodbye*, pagiging residente ng Hong Kong ang pangunahing dahilan ni Lita kung bakit nagawa niyang magpakasal sa amo niyang si Wayne. Natuklasan ni Joy ang ugat ng dahilang ito nang dalhin ang kaniyang ina sa ospital dahil sa pananakit ni Wayne. Sa eksenang ito, inamin ni Lita na ang ama ni Joy ang nagtulak sa kaniya upang pakasalan ang kaniyang amo. Ito rin ang naging dahilan kung bakit naglaho ang pagmamahal niya sa tunay asawa at piliing makasama si Wayne sa kabila nang paulit-ulit na pananakit nito.

Nagkahiwalay rin ang mga magulang ni Ely sa pelikulang *Barcelona: A Love Untold* dahil sa pangangaliwa ng ina nito. Sa pag-uusap sa video call nina Ely at amang si Caloy, binanggit nito na iniwan sila ng kaniyang ina upang sumama sa isang Kastila. Sa pelikulang *Imagine You and Me* naman ay nagkaroon ng eksena na naibahagi ni Terry kay Gara na nagkahiwalay ang tunay na mga magulang ni Andrew nang mahuli ng ama nito na may kalaguyo ang asawa nito sa Pilipinas. Samantala, sa pelikulang *The Maid in London* naman ay nagkaroon ng eksena na nagsiping sina Margo at Jayson kapalit ng hiniram na salapi ng una sa huli na gagamitin nito patungong London.

Sa mga tagpong ito, inokulasyon at statement of fact ang ginamit na estratehiya sa pagpapalaganap ng mito. Mapapansin na ang mga karakter na babae ang naging pangunahing sentro ng pangangaliwa sa pelikula. Nagpakita ito ng imahen na bukod sa pagsasakripisyo ng mga babae sa pagtatrabaho sa ibang bansa ay sila rin ang naging dahilan upang pagtaksilan ang kanilang asawa. Mapanganib ang ganitong representasyon sapagkat bumubuo ito ng ideolohiya na laban sa kababaihan. Bukod dito, itinatago rin nito ang pagiging dominante ng mga lalaking karakter na tulad nina Wayne, Wataru, at Jayson sapagkat higit na may kontrol at kapangyarihan sila sa sitwasyon ng mga babaeng karakter sa pelikula.

Pinagtatakpan din nito ang mga pang-aabuso sa kababaihan mula sa kanilang kapareha. Gaya ng sitwasyon ni Lita na binabanggit lamang ang pananakit ni Wayne at ipinakikita sa pamamagitan ng mga pasa subalit makikita na walang resolusyon at pawang pagtanggap lamang sa kaniyang kalagayan. Maaaring iugnay rito ang pag-aaral ni Zafra tungkol sa naging kalagayan ng mga Fipipina Tsuma o asawang Pilipinas ng Batis Incorporated sa Japan na umikot sa kuwento ng buhay at pang-aabuso sa mga Pilipina sa kamay ng mga napangasawang Hapones. Sa kabila ng mga mapang-aping relasyon ay nanatili pa rin sila dahil sa takot na mawalay sa anak, at walang kakayahang ekonomiko upang buhayin ang sarili at mga anak (229).

Inaalisang ng tinig ang kababaihan sa ganitong mga uri ng tagpo sa pelikula na kinakailangang isiwalat sapagkat ang pelikula ay nararapat na maging tagapagmulat at hindi bumubuo ng konsepto na pumapabor sa partikular na seksuwalidad. Bukod dito, kailangan ding punahin ang tahasang pagpapakita na masamang babae at magulang ang mga OFW sa mga pelikula sapagkat naghahatid ito ng nosyon na humuhulma ng representasyon ng mga babae sa lipunan.

Mabuting amo

Sa mga pelikulang sinuri, hindi nagkaroon ng malalim na pagtalakay tungkol sa mga naging amo ng mga karakter na OFW. Sa katunayan, ibabaw ang mabuting amo sa mga palabas. Sa pelikulang *Imagine You and Me*, halos kapamilya na ang turing kay Gara ng kaniyang amo na nagpakita ng ibang perspektiba sa pelikula sapagkat kapuwa Pilipino ang naging amo niya sa Italya. Tita Terry ang tawag ni Gara sa kaniyang amo at nagkaroon ng tagpo sa pelikula na nagbeso-beso pa ang dalawa at madalas din itong nagbahagi ng kaniyang personal na buhay. Samantala, ganito rin ang eksena sa isa pang amo ni Gara na si Clarissa na hindi rin siya itinuring na iba sa halip ay naging sandalan pa siya sa problemang pinagdadaanan nito.

Talahanayan 2: Mga Kultural na Aykon, Mito, at Retorikal na Estratehiya na Ginamit sa Pagsusuri sa mga Pelikula

Kultural na Aykon	Mito	Retorikal na Estratehiya
Domestic Helper	Ideya na ang domestic helper ang karaniwan at katanggap-tanggap na trabaho sa abroad	Tautolohiya at pagsasapribado ng kasaysayan
Illegal na Trabaho	Paglalarawan na tanggap ang ganitong uri ng gawain sa ibang bansa	Tautolohiya at pagsasapribado ng kasaysayan
Magagandang Tanawin	Representasyon ng magandang buhay sa ibang bansa	Tautolohiya at Inokulasyon
Kabit	Ideya na normal ang ganitong sitwasyon sa buhay ng OFW	Inokulasyon at statement of fact
Mabuting amo	Ideya na mabubuti ang mga amo ng OFW	Tautolohiya at Inokulasyon

Ipinakita naman sa pelikulang *Barcelona: A Love Untold* ang eksenang galit na galit ang amo ni Mia dahil nadatnan niyang umiiyak ang kaniyang anak na mag-isa na naging sanhi upang palayasin siya sa trabaho. Dalawang anggulo naman ang ipinakita sa pelikulang *Hello, Love, Goodbye*, naging mabuti kay Joy ang kaniyang amo dahil sa pagpapatawad nito sa ilang pagkukulang ni Joy. Nagkaroon ng eksena sa pelikula na nagalit ang amo ni Joy dahil nakalimutan nitong sunduin ang anak nito sa eskuwelahan dahil sa personal na problema. Sa kabila nito ay pinatawad pa rin siya ng kaniyang amo sa kabila ng sumbat na maaaring nagawa niya ito dahil hindi na buo ang ipinapasuweldo sa kaniya.

Samantala, naging mabuti rin ang naging kalagayan ni Margo sa UK sa pelikulang *The Maid in London* sa gabay ni Miss Nedi na isang Pilipinong katiwala sa pinasukan niyang hotel. Pinayagan siyang makapasok ng part time at walang papel sa trabaho. Bukod dito, binibigyan din siya nito ng ibang ilegal na raket. Mabuti man ang hangarin ni Miss Nedi ay hindi maitatanggi na kinukunsinti nito ang maling gawain na maaaring ikapahamak ni Margo.

Inokulasyon ang retorikal na estratehiyang ginamit dito sapagkat pinagtatakpan nito ang katotohanang marami pa ring mga Pilipino ang naaabuso ng kanilang mga amo sa ibang bansa. Sa pelikulang *Hello, Love Goodbye*, pinagtatakpan ng kabutihan ng amo ni Joy ang pang-aabuso sa kaniya bilang isang OFW nang kausapin siya nito na kailangan niyang i-terminate ang kaniyang kontrata dahil sa lumalaki nitong gastusin. Nagmakaawa si Joy na huwag itong ituloy sapagkat kailangan niya ang trabaho. Sa halip ay nakipagsundo si Joy sa kaniyang amo na pasuwelduhin na lamang siya ng kalahati basta't payagan lang siyang magtrabaho sa gabi.

Bukod dito, wala ring ipinakitang pananakit ng mga amo sa mga OFW na maituturing na kontradiksiyon sa tunay na kalagayan ng mga OFW. Binubura rin nito ang kasaysayan sapagkat maraming mga OFW ang naabuso ng kanilang amo sa ibang bansa. Sa pag-aaral ng International Labour Organization (ILO) na pinamagatang "An Analysis of the Situation of Filipino Domestic Workers," tinalakay rito ang mga paglabag at pang-aabuso sa mga OFW sa bansang Southeast Asia gaya ng Hong Kong at Singapore na may pinakamataas na bilang ng Filipino Domestic Helpers. Pagpapalit ng kontrata, pekeng job orders, hindi pagbabayad o hindi tamang pagpapasuweldo, berbal, pisikal, at seksuwal

na pang-aabuso, mahabang oras na pagtatrabaho, hindi sapat na akomodasyon at pagkain ang karaniwang suliraning kinakaharap ng mga domestic helper sa mga bansa sa Southeast Asia (Sayres 24).

Kaugnay nito, malinaw na nagsilbing aparato ang mga pelikula upang ipakita ang representasyon ng mabuting amo subalit nagawang ilihis nito ang mga pang-aabusong kinakaharap ng mga OFW sa ibang bansa. Samantala, malaki rin ang papel ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng representasyong ito sapagkat sila ang pangunahing pinagkukunan ng impormasyon ng midya sa mga estadistika at report sa mga OFW. Sila rin ang inaasahang manguna sa pagtatanggol sa karapatan nito na taliwas sa pang-aabusong naranasan ng isang domestic helper sa kamay ng dating Ambassador ng Brazil na si Marichu Mauro na nahuli sa kamera sa akto ng pagmamaltrato sa kaniyang kasambahay.

Kongklusyon:

Batay sa ginawang pag-aaral, may pagkakatulad ang naratibo ng mga OFW sa mga pelikula. Ang dahilan ng pag-alis ng mga OFW ay upang magkaroon ng magandang buhay at makatulong sa kanilang mga pamilya. Samantala, umikot sa buhay ng mga babaeng OFW ang mga pelikula at domestic helper ang kanilang naging pangunahing trabaho. Bukod dito, lumitaw din sa mga pelikula ang eksena tungkol sa ilegal na trabaho, pagkakaroon ng kabit, pang-aabuso, pagkakawatak-watak ng pamilya at personal na pakikibaka ng mga OFW sa ibang bansa. Ginamit naman ang mga bansa sa Asya at Europa bilang tagpuan sa pelikula.

Makikita naman sa tsart ang kultural na aykon, mito, at retorikal na estratehiya na sinuri sa mga pelikula. Ang mga kultural na aykon na nangingibabaw sa pelikula ay domestic helper, ilegal na trabaho, magagandang tanawin, kabit, at mabuting amo. Nagamit naman ang mga retorikal na estratehiya na tautolohiya, pagsasabribado ng kasaysayan, inokulasyon, at statement of fact. Tautolohiya naman ang pinakagamit na mito sa pelikula.

Ang ganitong pormula sa mga mainstream cinema ay nagpapatuloy pa rin sa kasalukuyan. Bagamat naipakikita ang karanasan ng mga OFW ay pinakikitid naman nito ang pagtanaw sa mas malawak na lente dahil nakatuon lamang ito sa partikular na naratibo ng mga partikular na karakter. Subalit hindi nabibigyang-diin ang mga sosyo-politikal na isyu gaya ng kahirapan, kawalan ng trabaho, pagkakawatak-watak ng pamilya,

pang-aabuso sa kababaihan, at iba pa. Binabanggit lamang o ipinakikita ang maliliit na detalye subalit walang resolusyon at salat sa pagbubukas ng kamalayan sa mga manonood tungo sa paglaya. Kaugnay nito, nararapat na ang mapagpalayang pelikula ay nakaugnay sa isang kilusang magdadala nito sa hanay ng nakararaming mamamayan (Lumbera 312).

Nakapagbibigay man ng aral ang mga ganitong uri ng pelikula ay mahalagang mailantad din ang mga nakapaloob na diskurso sa itinatanghal ng mga naratibo sa mga palabas upang maging gabay sa mga manonood at sa lipunang ginagalawan nito. Sa pamamagitan din nito, mas nagiging mulat ang mga manonood na higit pa sa romantisismong ipinakikita sa mga pelikula ang tunay na kalagayan ng mga OFW. Sa halip ay nailalantad din ang naratibo sa likod ng pagtawag sa mga OFW bilang bagong bayani.

Sanggunian

- “Kalagayan at Pakikibaka ng Migranteng Pilipino” *Migrante International*. Migrantinternational.org. 2012 October. Web. 2 November 2020.
- “Total Number of OFWs Estimated at 2.2 Million” *Philippine Statistics Authority*. Ps.gov.ph. 7 Aug 2019. Web. 9 October 2020.
- Barker, Chris. *Cultural Studies Theory and Practice*. London: SAGE Publications Ltd, 2003. Print.
- Barker, Chris. *The SAGE Dictionary of Cultural Studies*. London: SAGE Publications Ltd. 2004. Print.
- Barthes, Roland. *Mythologies*. New York: Noonday Press, 1972. Print.
- Famador, Dominique. “Hit Filipino film “Hello, Love, Goodbye” on extended run on VieShow.” *TFC Kapamilya News*. 9 March 2020. Web. 13 January 2021.
- Festin, Rowena P. “Ang Naratibo ng Paglikas sa mga Pelikulang Dubai at Milan.” *Malay* 20.2 (2008). 79-86. *Philippine E-Journals*. Web. 16 March 2020.
- Franco, Jean Escinas. “Overseas Filipino Workers (OFW) as Heroes: Discursive Origins of the “Bagong Bayani” in the Era of the Labor Expert.” *Humanities Diliman* 12:2 (2015): 56–78. Web. 17 March 2020.
- Garcia-Molina, Cathy, director. *Hello, Love, Goodbye*. Star Cinema, 2019.
- Gonzales, Joaquin III. *Philippine Labour Migration: Critical Dimensions of Public Policy*. Singapore: Institute of Southeast Asian Studies, 1998. Print.
- Guerrero, Eileen. “Philippine Radio Program Airs Real Life Drama: Overseas Call.” *AP News*, 12 November 1990. Web. 16 March 2020.
- Guillermo, Alice. “The Filipina OCW in Extremis” *Geopolitics of the Visible*. Ed. Rolando B. Tolentino. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2000. Print.
- Jadaone, Antoinette, director. *Never Not Love You*. Viva Films at Project 8 Corner San Joaquin Projects, 2018.
- Lamasan, Olivia, director. *Barcelona: A Love Untold*. Star Cinema, 2016.
- Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000. Print.
- McAuliffe, Marie, Binod Khadria, at Michelle Nguyen Céline Bauloz. “World Migration Report 2020.” International Organization for Migration (2020). Web. 16 June 2020.
- Pugsley, Peter C. *Tradition, Culture, and Aesthetics in Contemporary Asian Cinema*. Burlington USA, Ashgate Publishing Limited, 2013. Print.
- San Juan, Epifanio. “The Filipino Diaspora.” *Philippine Studies* 49.2 (2001): 255–264. *Ateneo Journals*. Web. 17 March 2020.
- Sayres, Nicole J. “An Analysis of the Situation of Filipino Domestic Workers.” International Labor Organization (2007). Web. 17 June 2020.
- Tolentino, Rolando B. *Contestable Nation Space*. Quezon City. University of the Philippines Press, 2014. Print.
- Severo, Jan Milo. “‘Hello, Love, Goodbye’ now officially highest-grossing Filipino film.” *Philstar Global*. 3 September 2019. Web. 13 January 2021.
- . “Globalizing National Domesticity Female Work and Representation in Contemporary Women’s Films.” *Philippine Studies* 57.3 (2009). 419–442. JSTOR. Web. 22 February 2020.
- Tuviera, Mike, director. *Imagine You and Me*. M-Zet Productions, APT Entertainment and GMA Pictures, 2016.
- Ugali, Danilo, director. *The Maid in London*. Viva Films, 2018.
- Villamor, Irene Emma, director. *Sid & Aya: Not a Love Story*. Viva Films and N2 Productions, 2019.
- Zafra, Bren Reynele G. “Danas at Dahas: Mga Kuwento ng Pang-aabuso sa Ilang Firipina Tsuma ng Batis Aware, Inc. sa Japan.” *Saliksik E-Journal* 6.2 (2017): 197–233. *Philippine E-Journals*. Web. 17 December 2018.
- Zafra, Galileo. “Ang Pagsakay nina Juan Masolong at Flor Contemplacion sa MRT: Ang Diskurso ng Paglalakbay sa Panahon ng Kolonyalismo at Globalisasyon.” *Kritikal na Espasyo ng Kulturang Popular*. Ed. Rolando B. Tolentino at Gary V. Devilles. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2015. 209–222. Print.